
## Ang Pagbabautismo kay Jesus

(Mateo 3:13-17, Marcos 1:9-11, Lucas 3:21-22, Juan 1:29-34)



Noong unang panahon sa bayan ng Bethlehem, isang natatanging sanggol ang isinilang. Siya si Jesus, ang Anak ng Diyos, na ipinadala sa lupa upang ipakita sa mga tao ang pagmamahal ng Diyos at dalhin sila pabalik sa Kanya. Mula pagkabata, si Jesus ay lumaking matalino, nag-aaral ng Banal na Kasulatan, at laging nananalangin sa Diyos. Siya ay mapag-pakumbaba, mabait, at mahal ang lahat, lalo na ang mga inaapi at nakakaligtaan ng iba. Nakatakda siyang maging Tagapagligtas at Hari, ngunit hindi katulad ng anumang hari sa mundo.

Nang si Jesus ay umabot na sa edad na 30, alam niyang oras na upang simulan ang Kanyang misyon na ipakita ang daan patungo sa Diyos. Kaya pumunta siya sa Ilog Jordan, kung saan nangangaral at nagbabautismo ang kanyang pinsan na si Juan Bautista.

Si Juan Bautista ay may espesyal na misyon mula sa Diyos. Siya ay naninirahan sa disyerto, nakasuot ng magaspang na damit na gawa sa balahibo ng kamelyo, at kumakain ng mga balang at pulot. Siya ay propetang nangangaral sa mga tao na magsisi sa kanilang mga kasalanan at maghanda sa pagdating ng mas dakilang nilalang kaysa sa kanya. Maraming tao ang pumunta kay Juan upang magpabautismo bilang tanda ng kanilang pagsisisi at makatanggap ng kapatawaran sa kanilang mga kasalanan.

Isang araw, dumating si Jesus sa ilog upang magpabautismo kay Juan. Alam niyang si Jesus ang tinutukoy niya sa kanyang mga pangaral — ang isinugo ng Diyos upang iligtas ang mundo. Sinabi ni Juan, "Ako ang dapat Mong buatismuhan, at ikaw ang lumalapit sa akin?".

Ngunit sinabi ni Jesus, "Hayaan mong mangyari ito ngayon; sapagkat nararapat natin itong gawin upang matupad ang kalooban ng Diyos." Hindi nagkasala si Jesus kaya hindi niya kailangan ng pagbibinyag, ngunit ginawa niya ito upang ipakita ang tamang halimbawa at sundin ang plano ng Diyos.

Pagpasok ni Jesus sa tubig, binautismuhan siya ni Juan sa Ilog Jordan. Pag-ahon ni Jesus mula sa tubig, may kamangha-manghang pangyayari. Nabuksan ang kalangitan, at bumaba ang Espiritu ng Diyos na tulad ng isang kalapati at tumahan kay Jesus. Pagkatapos, isang tinig mula sa langit ang nagsabi, “Ito ang aking Anak, ang minamahal ko; Siya ang lubos Kong kinalulugdan.”

Nakita ng lahat na si Jesus ay ang minamahal na Anak ng Diyos, na magdadala ng kaligtasan at pag-asa sa mundo. Ang pagbabaustimo Niya ang naging hudyat ng pagsisimula ng Kanyang misyon — upang magpagaling, magturo tungkol sa kaharian ng Diyos, at ialay ang Kanyang buhay para sa atin.

Si Jesus ang Anak ng Diyos, na nagkatawang-tao upang ipakita sa atin ang pagmamahal ng Diyos at kung paano mamuhay nang tama. Kahit hindi niya kailangan ng pagbabautismo, tinupad Niya ito upang sundin ang plano ng Diyos, na nagpapakita ng pagpapakumbaba at kahalagahan ng pagpapakita ng magandang halimbawa. Ang tinig ng Diyos na nagsasabing, “Siya ang lubos kong kinalulugdan,” ay nagpapakita ng pagmamahal at kaluguran ng Diyos kay Jesus.

